

MGA CALIFORNIANS
NA NAKAKATANDA



MARAMING MATATANDA ANG NANGANGAILANGAN O NAGNANAIS NA PATULOY NA MAKAPAGTRABAHO. PAGANAHIIN PARA SA IYO ANG MGA KREDITO NG BUWIS.

Kung ikaw ay nagtatrabaho pagkatapos ng edad na 65 at kumita ka ng \$30,000 o mas mababa pa, maaari kang maging karapat-dapat para sa California Earned Income Tax Credit - ang CalEITC!

Bumisita sa CalEITC4Me.org para gamitin ang aming online na calculator upang tantiyahin ang halaga ng iyong kredito.

Maaari ka ring maging kuwalipikado para sa ibang mga kredito ng buwis at mga benepisyo ng estado:

- Kung ikaw ay 65 taong gulang o mas matanda pa, maaari kang mag-claim ng karagdagang \$118 na iksemseyon sa buwis ng estado
- Kung ikaw ay 62 taong gulang, na may taunang kita na mas mababa sa \$45,000 at hindi bababa sa 40% na equity sa iyong tirahan, maaari kang maging kuwalipikadong ipagpaliban ang pagbabayad sa mga buwis sa ari-arian ng estado.
- Maaari kang maging karapat-dapat para sa tulong sa pagkain na CalFresh at iba pang mga pampublikong benepisyo at mga kredito ng buwis. Alamin kung kuwalipikado ka para sa higit pang tulong sa CalEITC4Me.org.

Ang mga matatandang Californians ay kuwalipikado rin para sa LIBRENG tulong sa buwis sa buong estado:

- Ang AARP Foundation Tax-Aide ay naghahandog ng libreng paghahanda ng buwis at may mahigit sa 5,000 lokasyon sa mga kapitbahayan. Bumisita sa AARP.org/TaxAide o tumawag sa 888-OUR-AARP (888-687-2277) para sa higit pang impormasyon.
- Ang Tax Counseling for the Elderly (TCE, Pagpapayo Tungkol sa Buwis para sa Matatanda) ay naghahandog ng libreng tulong sa buwis mula Enero 1 hanggang Abril 15 kada taon Humanap ng lokasyon dito: irs.treasury.gov/freetaxprep/.

Magkano ang makukuha mo?

*I-text ang EITC sa 47177 at gamitin ang aming calculator upang malaman kung magkano ang makukuha mong maire-refund na kredito ng buwis.

*Maaaring iangkop ang mga singil sa mga mensahe at data.

Walang Social Security Number?

Walang problema! Ang mga nagbabayad ng buwis na may ITIN (Individual Taxpayer Identification Number o Numero ng Pagkakakilanlan para sa Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis), kabilang ang mga imigranteng hindi dokumentado, ay karapat-dapat na ngayon para sa CalEITC at YCTC (Young Child Tax Credit o Kredito ng Buwis para sa Bata).

Ang mga kredito ng buwis, gaya ng CalEITC at EITC, ay hindi itinuturing na mga pampublikong benepisyo sa ilalim ng public charge rule (patakaran sa saguting pamahalaan) ng U.S. Citizenship and Immigration Services (Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos).

Alamin kung ikaw ay kuwalipikado sa CalEITC4Me.org



@CalEITC4Me